



Industriya ng cruise ship

Noong Setyembre 2, 2021, [inanunsiyo ng Pamahalaan](#) na ang pang-emergency na biosecurity ng tao sa ilalim ng Biosecurity Act 2015 ay palalawigin pa nang tatlong buwan para sa operasyon ng mga cruise ship sa Australia. Kabilang dito ang:

- pagpapalawig hanggang **Disyembre 17, 2021**, ang mga kasalukuyang hakbang na naghihigpit sa pagpasok ng mga cruise ship sa teritoryo ng Australia at pagpasok sa mga daungan ng Australia; at
- pagpapatuloy ng pagpapatupad ng mga paghihigpit na ito sa mga cruise ship na kayang magsakay ng 100 o higit pang pasahero.

Kasama sa mga paghihigpit ang mga direktang pagdating at mga Round Trip na Cruise (RTC).

Malalaking pampasaherong barko

Nasasaklawan ng mga paghihigpit sa pagbibiyaha sa Australia ang mga tauhan ng malalaking pampasaherong barko (na hanggang 99 berth, inclusive) at kakailanganing magsumite ng kahilingan para sa pahintulot sa pagbibiyaha bago bumiyaha papuntang Australia. Maisasagawa ito sa pamamagitan ng [Portal ng Pahintulot sa Pagbibiyaha](#).

Isasaalang-alang lang namin ang mga pahintulot para sa mga tauhan na kailangan para sa ligtas na pagpapatakbo ng barko. Dapat ding magbigay ng pang-ekonomiyang benepisyo sa Australia ang pagpasok ng barko. Dapat punan ng mga manggagawa sa Australia ang iba pang tungkulin, gaya ng mga tungkulin sa pagbibigay ng serbisyo at hospitality.

Kailangan mong magbigay ng pansuportang ebidensya kasama ng iyong kahilingan para sa pahintulot sa pagbibiyaha, kasama ang:

- kumpirmasyon ng dahilan sa pagpasok at ipinakitang pang-ekonomiyang benepisyo nito sa Australia
- kasalukuyang lokasyon ng barko
- panukalang lokasyon ng pagdating sa Australia
- kumpletong detalye ng lahat ng tauhan at empleyado na kalakip ng kahilingan para sa pahintulot sa pagbibiyaha, kasama ang kanilang mga layunin sa trabaho
- kumpirmasyon na isasagawa ang pag-quarantine gaya ng ipinag-uutos ng kaugnay na pamahalaan ng Estado o Teritoryo. Dapat na kasama dito ang payo tungkol sa napagkasunduang kaayusan.
- suporta mula sa kaugnay na pamahalaan ng Estado o Teritoryo.

Industriya ng maritime

Hindi saklaw ng mga paghihigpit sa pagbibiyaha ang mga tripulante ng maritime (hindi kasama ang mga tripulante sa mga Cruise Ship), at hindi na kailangan ng indibidwal na pahintulot mula sa Australian Border Force Commissioner.

Kabilang sa mga pinapahintulatang tripulante ng maritime ang:

- tripulante na nagpapatakbo o nagbibigay ng mga serbisyo para suportahan ang operasyon ng isang bangkang komersyal (hindi kasama ang mga cruise at superyacht) o ng gobyerno sa katubigan ng Australia
- mga pilotong pandagat
- mga surveyor na pandagat.

Ang isang bangkang komersyal ay iyong sangkot sa:

- komersyal na pakikipagkalakalan at paghahatid ng kargamento
- nagbibigay ng mga serbisyo sa daungan at maintenance
- nagbibigay ng suporta sa mahahalagang industriya tulad ng mga industriya ng pinagkukunan
- nagsusurvey ng dagat.

Kung pinapahintulutan ka sa ilalim ng kategoryang ito, puwede kang:

- pumasok sa Australia kung saan ka may angkop na visa, at umalis
- mangailangang mag-quarantine sa Estado at Teritoryo ng Australia kung saan ka dumating. Maraming estado at teritoryo ngayon ang nag-uutos sa mga dayuhang tripulante ng maritime na dumarating sa Australia (sa pamamagitan ng eroplano), na **sumailalim sa 14 na araw ng kinakailangang pag-quarantine sa unang lugar kung saan dumating.**

Tingnan ang [mga kinakailangan para sa mga tripulante ng maritime kaugnay ng COVID-19](#).